Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

[redacted] SA KATITIKAN SA KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-26 NG PEBRERO, 2003, ARW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | Kagawad - SK |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | PANG. PUNONG BAYAN<br>Nasa lakad opisyal |
| Kgg. Angelito U. Linjuco | Kagawad – ABC<br>Nasa lakad opisyal |

*KAPASIYAHAN BLG. 079-T'03*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. RAMON MAGSAYSAY, JR., SENADOR NG BANSA NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG LIMANG MILYONG PISO (P5,000,000.00) PARA SA PAGSASAAYOS NG MGA KANAL-IRIGASYON SA NASASAKUPAN NG MGA BARANGAY BUBUKAL, LABUIN, DUHAT, GATID AT PATIMBAO SA BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, binigyang-pansin at pagpapahalaga ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna ang pagsasaayos ng mga istraktura sa patubig sa nasasakupan ng mga nabanggit na barangay para sa maayos na pagbabahagi ng tubig sa mga palayan at taniman.

*SAPAGKA'T*, kinakailangan ang isang maayos na patubigan upang pagsilbihan ang malaking bahagi ng lupang sakahang sinasakop ng bayang ito.

*SAPAGKA'T*, walang pondo ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna upang makapagsaayos ng mga patubigan o kanal-irigasyon.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Edgardo T. Porca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na humiling sa Kgg. Ramon Magsaysay, Jr., Senador ng Bansa na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P5M para sa pagsasaayos ng mga kanal-irigasyon sa nasasakupan ng mga barangay Bubukal, Labuin, Duhat, Gatid at Patimbao sa bayang ito.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Senador Ramon Magsaysay, Jr., *Mataas na Kapulungan, GSIS Complex, Lungsod ng Pasay; Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Inhinyero*, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan
3/03